# 100%

## Ilaan ang Lahat na Mayroon Tayo para sa Diyos



### WARM-UP

- Nakabili ka na ba ng regalo para sa mahal mo sa buhay gamit ang perang pinaghirapan mo? Ano ang naging reaksyon niya?
- Ano ang ginawa mo sa pinakauna mong sweldo o baon?
- Paano mo nagagamit nang maayos ang oras, pera, o mga pinagkukunan o *resources* mo? Magkwento tungkol dito.

### WORD

[9]*Parangalan mo ang Panginoon sa pamamagitan ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga ng iyong ani.* [10]*Kapag ginawa mo ito, mapupuno ng ani ang iyong mga bodega at aapaw ang inumin sa iyong mga sisidlan.*
**KAWIKAAN 3:9–10**

(Basahin din ang **GENESIS 1**, **BILANG 15:20–21**, at **MGA TAGA-ROMA 11:16**.)

Sa mundo na puno ng materyal na bagay, mabilis makalimutan na ang lahat ay pag-aari ng Diyos. Sinulat ni David sa isa niyang salmo na *ang buong mundo at ang lahat ng naririto ay pag-aari ng Panginoon* (Salmo 24:1). Ang mga ariarian, pinagkakakitaan, at kahit ang mga buhay natin ay hindi talaga sa atin kundi pag-aari ng Diyos. Ang lahat ng bagay ay nilikha *sa pamamagitan Niya, at para sa Kanya* (Colosas 1:16). Bilang mga katiwala Niya, kailangan nating ibalik nang may pasasalamat sa Diyos ang una Niyang ibinigay sa atin. Tingnan natin ngayon kung paano natin mabibigyang-karangalan ang Diyos sa pamamagitan ng pagbubukod ng lahat ng pagmamay-ari, yaman, at pananalapi natin para sa Kanya.

## 1 Kailangan nating ibukod ang mga unang bunga natin upang bigyang-karangalan ang Diyos.

*9 Parangalan mo ang PANGINOON sa pamamagitan ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga ng iyong ani. 10 Kapag ginawa mo ito, mapupuno ng ani ang iyong mga bodega at aapaw ang inumin sa iyong mga sisidlan.* **KAWIKAAN 3:9–10**

Noong mga panahong ito, iniaalay ng mga Israelita ang mga unang bunga na kanilang pananim bilang pagsamba sa Diyos at para kilalanin na Siya ang pinanggagalingan ng lahat ng mayroon sila. Ang ibig sabihin ng pagbibigay ng unang bunga ay ang pagbubukod ng mga nauna at pinakamagagandang ani o kita para bigyang-parangal ang Diyos. Ibig sabihin nito ay pinagkakatiwalaan natin Siya sa pamamagitan ng paglalagay ng lahat ng pag-aari natin sa Kanyang mga kamay. Ito ang pagkakaintindi ng mga mamamayan ng Diyos tungkol sa pagbibigay ng unang bunga—ibinubukod nito ang lahat ng ating mga pag-aari at ito ay nagiging daan para umapaw ang biyaya at mga espirituwal na pagpapala ng Diyos sa atin (Mga Taga-Roma 11:16). Ano ang naging epekto sa buhay mo noong inuna mo ang Diyos sa iyong pananalapi? Paano nito binago ang pananaw mo sa kayamanan?

## 2 Kailangan nating ibukod ang lahat ng ating yaman upang bigyan ng karangalan ang Diyos.

*[9]Parangalan mo ang PANGINOON sa pamamagitan ng paghahandog sa kanya ng mga unang bunga ng iyong ani. [10]Kapag ginawa mo ito, mapupuno ng ani ang iyong mga bodega at aapaw ang inumin sa iyong mga sisidlan.* **KAWIKAAN 3:9–10**

Dahil ang Diyos ang may-ari ng lahat ng ating pagkatao at ating pag-aari, kailangang bigyan natin Siya ng karangalan sa lahat ng pagpapala Niya sa atin—hindi lamang sa mga panimulang bunga o ikasampu. Tinawag tayo upang tapat nating pangasiwaan ang 90% na binigyan tayo ng pribilehiyo na ipamahala. Sa katunayan, puno ang Bibliya ng mga paraan kung paano natin pangangasiwaan ang lahat ng ibinigay sa atin. Kahit na sagana man tayo o sala, tinatawag tayo na isabuhay ang pagiging bukas-palad at maging matalino sa paghawak ng pananalapi. Sa pagbibigay-karangalan natin sa Diyos sa ating mga unang bunga at kung paano natin hinahawakan ang ating pananalapi, doon natin makikita ang pag-apaw ng paglalaan ng Diyos—na nagpapahintulot sa atin na mas bigyan pa Siya ng karangalan. Sa buhay mo ngayon, paano mo binibigyang-karangalan ang Diyos hindi lang sa 10% kundi sa lahat ng mayroon ka?

## APPLICATION

- Paano nabago ang pananaw mo tungkol sa pera at mga pag-aari mo ng katotohanan na ang Diyos ang may-ari ng lahat? Paano napapagtibay ang pananalig mo sa Diyos dahil dito?
- Pag-isipan kung gaano ka pinagpala ng Diyos. Paano mo Siya mapaparangalan sa mga bagay na inilagay Niya sa iyong mga kamay?
- Paano mo uunahin ang Diyos at ibibigay ang pinakamaganda sa Kanya nang tapat kahit ano pa man ang iyong kalagayan? Paano mo mahihikayat ang iba na gawin din ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Bigyang-papuri ang Diyos para sa lahat na nilikha Niya at pagpapala Niya sa iyo. Pasalamatan Siya para sa Kanyang kabutihan at paglalaan.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng kakayahan na ibukod ang lahat na mayroon ka para sa Kanya. Ipanalangin na lagi kang maging tapat na tagapangasiwa ng Kanyang pagpapala.
- Mas kilalanin pa ang Diyos bilang una sa lahat sa pamamagitan ng iyong pagbibigay at debosyon. Humiling ng mga pagkakataon na makatulong sa iba habang binibigyan mo ng karangalan ang Diyos sa iyong kayamanan.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Bruce Chua, Charlene Cruz, Romeo Mercado

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.